UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
FILIPINIANA SECTION
LIBRARY

Pinapatnubayan
ng
Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong

# ANG Bayan

Inilalathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas




AGOSTO 1982

## NILALAMAN

Sulat 2

'KKK':
Kontra-rebolusyonaryo 3

Imperyalismong US
at Pakikibakang
Moro 6

Buhay
at Pakikibaka
ng mga Setler 9

Kuryer 11

Mga Balita 13

Lubos na sinusuportahan ng imperyalismong US ang gerang mapanupil na inilulunsad ng rehimeng Marcos laban sa halos tatlong milyong mamamayang Moro sa kanluran at timog-kanlurang Mindanaw.

Malawak ang interes ng US sa lugar, at nais pang palawakin at palakasin ito. Umookupa ng mga lupaing agrikultural ang malalaking korporasyong Amerikano, at kontrolado nila ang mahahalagang industriyang nakabase sa agrikultura.

Ang saklaw at kasaysayan ng interes ng US sa lugar ng mga Moro ay tinatalakay sa pahina 6.

Sa pahina 9 naman, isinasalaysay ang buhay at pakikibaka ng mga setler sa bahaging prontera ng kanlurang Mindanaw.

## Mga Artikulong may Kwentada

Mga Kasama,

Lagi kaming nasisiyahan kapag dumarating na ang mga kopya ng Ang Bayan. Nag-uunahan kaming makabasa.

Nakakawiling basahin ang mga artikulong pakwento at ang mga balita sa armadong pakikibaka. Paramihin pa sana natin ang ganitong mga artikulo.

Gusto rin sana namin ang mga artikulo tungkol sa ekonomya. Tulad nga ng binabanggit sa dokumentong "Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin," "Dapat maging maalam ang lahat ng kadre at kasapi ng Partido sa mabilis na nagbabagong datos sa ekonomya ng bayan, gayundin sa lokalidad nila, upang malinaw nilang mapalaman ang kanilang propaganda at ahitasyon."

Kaya lang, nahihirapan kaming maintindihan ang mga ito. Madalas tuloy mangyari na nilalaktawan ng mga kasama ang ganitong artikulo, laluna kapag maraming numero at kwentada.

Sana'y magawan ng paraang mailahad ito nang simple't tuwiran para mas madaling maintindihan.


Ka Selya
Timog Luson

Ibayo naming pagsisikapan na gawing mas malinaw at mas buhay ang prisintasyon ng mga artikulo tungkol sa ekonomya, laluna pagkatapos mong ilahad ang epekto nito sa mga kasama.

Bakit natin binibigyan ng pansin ang ganitong mga artikulo?

Tumatagos sa pang-araw-araw na buhay ng masa, at sa mahahalagang usaping pampulitika't panlipunan, ang mga usaping pangkabuhayan. Kumplikado't nakatago ang mga ugnaugnayan ng mga usaping ito. Kailangang mailantad at makilala natin ang mga ugna-ugnayang iyon, gaya ng pagkakilala natin sa bawat maliit na landas at sapa sa kabundukan.

Magtulung-tulong tayo sa pagsisikap na gawing mas maalam at mas interesado sa mga usaping pang-ekonomya ang karaniwang kasapi ng Partido, mga Pulang mandirigma at mga aktibista sa pamamagitan ng mga pahina ng AB, kurso ng pag-aaral at panlipunang pagsisiyasat.




# Kontra-rebolusyonaryo

Isang taon pagkaraang ilunsad ng pasistang diktadura ang "Kilusang Kabuhayan at Kaunlaran" o "KKK," wala pa halos resulta ang grandyosong programang ito na maghahatid daw ng lunas sa karalitaan ng milyun-milyong Pilipinong wika nga'y mahirap pa sa daga.

Mula sa sariling publisidad ng rehimen, ₱74 milyon pa lang ang naipalalabas mula sa isang bilyong pisong inilaan daw para sa unang taon ng "KKK."

At sa halagang ito, ₱25 milyon lang (2.5 porsyento ng kabuuang pondo) ang ipinahiram sa mga mamamayang tinatarget daw na makinabang. Ang mas malaking bahagi ng perang nirilis--halos ₱50 milyon --ay napunta sa mga indibidwal na nakaaangat ang kabuhayan at dati nang namumuhunan.

Karamihan ng nakakautang ay mga taong malakas ang kapit, kundi man tau-tauhan ng pangkating Marcos. Halimbawa, mahigit 1,000 proyekto ang pinondohan para sa mga sundalo ng reaksyonaryong AFP.

Di pa man naiuulat kung saan napunta ang isang bilyong piso, humingi na kamakailan si Imelda Marcos na gawing tatlo o apat na bilyong piso ang pondong hawak niya bilang pangkalahatang kalihim ng "KKK."

Sadyang kumplikado at sentralisado ang pagpapaapruba sa mga proyekto, na siyang nagiging paraan upang maipit ang pondo. Mahigit 20 papeles ang dapat papirmahan sa iba't ibang antas. Maaprubahan man, di pa rin siguradong makakakuha ng pondo. At kung dumating man ang pondo, madalas ay paunti-unti.

Halimbawa'y sa Region II ng rehimen, na binubuo ng mga probinsyang binabaybay ng Ilog Cagayan. Isa raw ito sa mga lugar na pagtutuunan ng ispesyal na pansin dahil sa sobrang kahirapan ng mga tao. Pero ayon sa huling ulat, aanim na proyekto ang napopondohan, samantalang 341 na ang aprubado sa 511 panukala.

"Ang alam lang namin diyan ay kung ano ang sinasabi araw-araw sa radyo. Nakakasawa nga, e," ang sagot ng mga taumbaryo kapag tinatanong kung paano ang takbo ng "KKK" sa kanilang lugar.

Sa kabilang banda, kulang na kulang ng mga tauhang maaasahang bumalikat sa malaking kampanya ng panloloko na siyang esensya ng "KKK." Paano'y mismong mga tao ng gubyerno ay di naniniwala na totohanang makabubuti ito sa taumbayan.

Naghahanap ngayon ang rehimen ng mairikrut na mga "motivator" o "action officer" mula sa mga intelektwal na petiburges. May naupahan pa ngang mga dating aktibista na ipinagagamit sa rehimen ang anumang kasanayan nila sa pagpopropaganda at pag-oorganisa sa masa. Sinasanay din ang mga sundalo ng reaksyonaryong militar na hawakan ang mga lokal na programa ng "KKK."

Problema sa pondo at kawalan ng tauhan, kung gayon, ang mga pangunahing dahilan kung bakit hindi bumebwelo ang "KKK."

## Ano ang "KKK"?

Nang inilunsad ang pakanang ito noong Agosto 1981, ipinamarali ng rehimen na magkakaroon daw ng proyekto ang bawat isa sa 42,000 baryo sa buong kapuluan. Ito raw ang magbibigay ng oportunidad sa mamamayan, laluna sa pinakapobreng mga lugar, na dagdagan ang kita nila at umasenso sa buhay.

Sa inisyatiba raw ng mamamayan, oorganisahin nila ang sarili at magmumungkahi sila ng mga proyektong pangkabuhayan batay sa mga posibilidad na naroon na sa paligid. Magpapalabas naman ang gubyerno ng puhunang kailangan nila, at magbibigay din ng tulong na teknikal. Kapag kumikita na ang proyekto, saka sisingilin ang utang.

Nakatuon sa pag-eeksport ang mga proyektong idinidiin gaya ng pagawaan ng laruan, kasangkapang yari sa uway at produktong balat, at lalung-laluna ang pananahi ng mga damit at iba pang klase ng maliitang pagmamanupaktura na nakakontrata (subcontracting).

Sistemang pangongontrata pa rin (contract growing) ang pamamalakad sa mga proyektong tulad ng ipil-ipilan, tahungan, bakahan, manukan, babuyan at iba pa. Ang lahat ng kailangan sa pag-aalaga ay isusuplay ng kontratista, at siya rin ang tanging bibili sa produkto.

Sa pamamagitan ng "KKK," nais likhain ang ilusyon ng pag-unlad ng kabuhayan sa kanayunan. Pero sa tipo ng mga empresang itatayo ay mangilan-ngilan lang ang magkakaroon ng trabaho, mababa ang sahod na maibibigay sa trabahador, at madaling malugi ang negosyo sa harap ng kakumpitensyang empresang mas malalaki.

Kayat talo di lamang ang manggagawang makapagtatrabaho nang sandali sa sahod na mababa pa sa ligal na minimum; talo rin ang maliit na kapitalista--mayamang magsasaka o petiburges--na ibabaon ng "KKK" sa utang.

Para naman sa pangkating Marcos, malaking negosyo ang pagbebenta sa abrod ng mga produktong yaring-kamay, delatang pagkain at maski bagoong at tuyo. Sa pamamagitan ng "KKK," makokontrol nila ang produksyon at komersyo ng mga produktong ito at aagawan ng negosyo ang libu-libong eksporter at mamamakyaw sa lokal at dayuhang pamilihan.

Sa kabilang banda, tyempong-tyempo ang pondong "KKK" para sa sariling pagnenegosyo ng pangkating Marcos. Daan-libong ektaryang lupa at latiang publiko ang naagaw na nila sa iba't ibang dako ng Pilipinas, at paraan ang "KKK" para ang mga ito ay gawing plantasyon, palaisdaan, rantso at marami pang iba. Kabang-yaman ang magpupundar, kanila ang ganansya.

Kayat di lang inaasahan ang "KKK" para kumita ng dolyar at mapunan ang malaking depisit sa balanse ng bayaran ng Pilipinas. Inangkin na rin ito ng pangkating Marcos bilang negosyong lubos na kapaki-pakinabang sa kanilang bulsa.

Sa tingin naman ng imperyalismong US, ang "KKK" ay siyang klase ng "kaunlarang" pangkabuhayan na dapat ibunsod ng papet nitong mga rehimen sa Ikatlong Daigdig.

Sa ilalim ng pakanang ito'y tiyak na mapananatili ang malapyudal na pagsasamantala sa kanayunang Pilipino. Lalo lang makokonsentra sa kamay ng pangkating Marcos at kaunting malaking panginoong maylupa ang kontrol sa malalawak na lupain, habang nababaon sa utang ang milyun-milyong magsasaka. Di magagalaw ang basehang sosyal para sa patuloy na paghahari ng kapakanang US sa Pilipinas.

> Sa tingin
> ng imperyalismong US,
> ganitong klase
> ng "kaunlarang" pangkabuhayan
> ang dapat ibunsod
> ng mga papet nitong rehimen
> sa Ikatlong Daigdig.

Hindi rin banta sa dominasyon ng imperyalismong US sa Pilipinas kahit magkaroon ng proyektong "KKK" sa bawat bakuran at silong sa kanayunan. Hindi ito ang klase ng proyektong magsusulong sa batayang industriyalisasyong makabayan na magbibigay ng independensya sa ekonomyang Pilipino.

## Kontra-rebolusyon

Ang pagsagka sa demokratikong rebolusyong bayan ang higit na mahalaga para sa imperyalismong US at pangkating Marcos sa pagbubunsod ng "KKK."

Inaasam-asam ni Marcos at mga amo niyang imperyalista na mabobola ang masa

ng kapiranggot na biyayang pangkabuhayan, at ito mismo ang magiging tuntungan para pakalmahin ang ligalig na mamamayan.

Sapagkat ang "KKK" ay isa raw "kilusang" nagbibigay ng treyning para magkaroon ng "bagong oryentasyon sa mga aktitud, kilos at mga bagay na pinapahalagahan ng mamamayan."

Ibig sabihin, gagamitin ito ng rehimeng US-Marcos para baluktutin ang isip at diwa ng mamamayang Pilipino nang mahinahon nilang tanggapin ang pang-aapi't pagsasamantala ng mga reaksyonaryong lokal at dayuhan.

Sa tangkang pigilin ang pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan, nais ng rehimen na hikayatin sa "KKK" ang mga taong nasa mga sonang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan. Minsan, ibinalita sa dyaryo na mayroon daw isang dating myembro ng BHB sa Agusan del Norte na nagtanim ng kamote sa ilalim ng "KKK," at ngayo'y may inaasahang ₱600,000 kita pagkaraan ng tatlong taon!

Para matiyak ang pagpapatupad sa kontra - rebolusyonaryong oryentasyon ng "KKK," mga tauhang militar ang may hawak sa susing mga pwesto. Retiradong heneral ng AFP ang mga pambansang coordinator para sa Luson, Bisayas at Mindanaw. Sa lahat ng antas, mahigpit ang koordinasyon sa pagitan ng mga pasistang otoridad na militar at sibilyan.

Kontra - rebolusyon din ang dahilan kung bakit hinihimok ang mga dating aktibista na sumuporta at manguna sa "KKK." Ginagamit sila para siraan ang rebolusyonaryong kilusan, at sa ganito'y papaniwalain ang masa na itinataguyod ng "KKK" ang interes ng bayan.

Sabagay, di kumakagat ang mamamayan sa gayong panloloko, kahit sa mga lugar na di pa naoorganisa ng pambansa-demokratikong kilusan. Katunayan, lagi nang idinadaing ng mga "motivator" na walang pakialam ang mga tao sa "KKK." Kailangan silang pilitíng dumalo sa mga miting at papagtayuin ng samahan para lang may maiulat na nangyayari.

Anong kaibhan sa ispontanyong pagbubunyi ng masa sa rebolusyonaryong kilusan, at sa masigla nilang pagkilos para makamit ang tagumpay nito!

Ngunit di dapat maging kampante ang mga rebolusyonaryong kadre at aktibista. Di dapat maliitin ang "KKK" at iba pang pakana ng mga reaksyonaryo, laluna't sa ilang lugar at sa limitadong paraan ay may kakayahan ang rehimen na palitawing tagumpay ito. Kailangang ilantad ang "KKK" bilang isang kontra-rebolusyonaryong pakana ng diktadurang US-Marcos para patuloy na makapaghari sa Pilipinas sa loob ng pinakamahabang panahon.

• Higit dito, kailangang tuluy-tuloy na iangat ang rebolusyonaryong kamulatan ng masa at gawing pakikibakang pampulitika ang kanilang mga pakikibakang pangkabuhayan.

Di dapat kaligtaan ang pakikibakang masa para igiit ang mga ligal na karapatan at repormang pangkabuhayan, sapagkat dito unang nakapag-iipon ang masa ng mahalagang karanasan sa pagrerebolusyon, bukod pa sa nakakamit na panandalian at baha-bahaging mga tagumpay.

Sa gayong mga pakikibaka, maagap at matiyagang minumulat ng Partido ang masa na ang pag-agaw at pagkokonsolida sa kapangyarihang pampulitika ang sentral na tungkulin ng rebolusyonaryong pagkilos. Kung wala ito'y madaling maglalaho kahit ang mga tunay na biyayang nakakamit sa rebolusyonaryong pakikibaka.

Dapat lumaganap, tumindi at umunlad ang mga pakikibakang pampulitika, para humantong ang mga ito sa ganap na pagbagsak ng rehimeng US-Marcos at pag-agaw dito ng kapangyarihang pang-estado para maitatag ang rebolusyonaryong gubyernong koalisyon.

Sa pamamagitan ng programa para sa tunay na reporma sa lupa at makabansang industriyalisasyon, haharapin ng bagong gubyerno ang tungkuling tiyakin at paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan. Ilalatag nito ang batayan para sa sosyalistang transpormasyon ng lipunang Pilipino, upang ang masa ng mamamayan ay maging higit pang produktibo at nakaaasa sa sarili. ●

**Ang pagsagka
sa demokratikong rebolusyon
ng bayan
ang higit na mahalaga
sa diktadurang US-Marcos
sa pagbubunsod nito
ng "KKK."**

# IMPERYALISMONG U.S. AT PAKIKIBAKANG MORO

Ang mamamayang Moro, tulad ng ibang mamamayang Pilipino, ay matagal nang biktima ng mahigpit na pananakal ng imperyalismong US.

Sa paglaban nila ngayon sa rehimeng Marcos, na pangunahing kasangkapan ng paghaharing imperyalista sa Pilipinas, ipinagpapatuloy ng mga Moro ang magiting na pakikibakang nakaugat sa kasaysayan.

Katulong ang lokal na burgesyang kumprador at uring panginoong maylupa, ibayong nangungulimbat ang US sa mga probinsya sa kanluran at timog-kanlurang Mindanaw na may malaking populasyong Moro.

Ang mga probinsyang ito ay ang Basilan, Sulu, Tawi-Tawi, Zamboanga del Sur, Zamboanga del Norte, Misamis Occidental, Lanao del Sur, Lanao del Norte, Sultan Kudarat, Maguindanao, North Cotabato, South Cotabato at Davao del Sur.

Tinatantyang may 2.7 milyong Moro sa mga probinsyang ito (21 porsyento ng kabuuang populasyon sa Mindanaw).

Ang mga lupa sa Mindanaw na hawak ngayon ng mga kapitalista ng US, kabilang ang nasa mga probinsyang nabanggit, ay tuwirang kinamkam nila noong panahon ng kolonyalismong US at nakuha sa pamamagitan ng mga rehimeng papet nila mula 1946 hanggang ngayon.

## Interes ng US

Nasa trosohan at agribisnes ang malalaking interes ng mga imperyalistang US sa lupain ng mamamayang Moro.

Malaking mga konsesyong trosohan ang inookupahan ng limang korporasyong Amerikano: Weyerhaeuser Company, Maranaw Timber, Findlay Millar Co., Paper Industries Corporation of the Philippines at Zamboanga Wood Products Inc. Sa kabuuan, mahigit kalahating milyong ektarya, o halos 10 porsyento ng kagubatan sa Mindanaw, ang kinukunan ng troso ng mga korporasyong ito.

May planta ng veneer ang bawat isa sa mga korporasyong ito. Ang Findlay Millar ang pinakamalaki sa buong Mindanaw noong 1980 at panglima ang Maranaw Timber.

Gayundin, ang malaking parte ng pang-agrikulturang lupa ng mga Moro ay nakalaan sa mga pananim na pang-eksport tulad ng niyog, prutas at goma. Ang mga industriyang nakabatay dito ay kontrolado ng mga monopolyong kapitalista ng US.

May mga higanteng empresang Amerikano na nagpoproseso ng niyog tulad ng Granexport Corporation, Iligan Coconut Industries, Matling Industrial and Commercial Company, Franklin Baker Company of the Philippines, at Red V Coconut Products. Ang Granexport ay may bilihan din ng niyog sa Basilan.

May plantasyon ng pinya, saging at kape ang Dole Philippines Inc. na subsidyaryo ng Castle and Cooke Worldwide. May kabuuang sukat ito na 9,000 ektarya. (Kontrolado ng Dole at Philippine Packing Corp., na subsidyaryo ng Del Monte Corp., ang produksyon ng panluwas na saging at pinya.)

Ang industriya naman ng goma ay nasa kamay ng tatlong imperyalistang kumpanya: Firestone, B.F. Goodrich at Goodyear. Sa kanila napupunta ang halos lahat ng gomang nakukuha sa Mindanaw. Nasa Basilan, Zamboanga del Sur at North Cotabato ang 85 porsyento ng taniman ng punong goma sa buong Mindanaw, kabilang ang mga plantasyon ng naturang tatlong kumpanya.

Ang mga nabanggit ay ilan lang sa mga litaw na interes ng imperyalismong US sa kanluran at timog-kanlurang Mindanaw. Bukod dito'y may di nakikitang sapot na sumasaklaw at nag-uugnay-ugnay sa mga interes nito sa mga bangko, minahan, kalakalan, hanggang sa karaniwang bilihin.

Ang problema ng mamamayang Moro tungkol sa lupa, kung gayon, ay pinananatili at pinalalala ng imperyalismong US. Monopolisado ng mga panginoong maylupa at imperyalista ng US ang malalawak na lupaing pangunahing inaasahan ng mamamayan para mabuhay.

At dahil lubhang kapaki-pakinabang sa mga imperyalista ang paghahari nila sa lupain ng mga Moro, buung-buo ang suporta ng US sa digmang mapanupil ng rehimeng Marcos laban sa mamamayang Moro. Gusto ng mga imperyalista na manatiling api't atrasado ang lipunang Moro. Ayaw nilang mawala ang nakatagong kontrol nila sa lipunang ito.

## Kolonyalismong US

Gaya ng nangyari sa Luson at Kabisayaan, ang Mindanaw--na ang malaking bahagi noon ay lupain ng mga Moro at ibang pambansang minorya--ay nagawang pasukin at kontrolin ng kolonyalismong US sa pamamagitan ng dahas at ng taktikang "manghati't maghari."

Nang sumiklab ang digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899, agad nakipagnegosasyon ang mga kolonyalistang US sa sultan ng Sulu upang mapigil ang paglaganap ng apoy ng rebolusyon sa buong Pilipinas. Sa Kasunduang Bates na nilagdaan noong 1899, nangako ang sultan na hindi lalahok ang mga Moro sa digma laban sa US. Bilang kapalit, kinilala ng US ang soberanya ng sultan.

Ngunit nang mapahina ng US ang rebolusyonaryong pwersa sa Luson at Kabisayaan noong 1902, walang kaabug-abog na pinawalang - bisa ng US ang kasunduang Bates at itinayo ang administrasyong militar sa Mindanaw.

Di nagtagal, nagsimula nang kamkamin ng mga kapitalistang Amerikano ang mga lupain ng mamamayang Moro. Nagtayo sila ng mga trosohan, niyugan at asyenda ng abaka at goma. Ang pagtotroso ang pinakamalaking industriya sa Mindanaw noon.


Ang Zamboanga Chamber of Commerce na binubuo ng mga negosyanteng Amerikano ay nagpanukala pa nga noong 1912 na gawing tuwirang teritoryo ng US ang Mindanaw na hahatiin sa tatlong bahagi--reserbasyon ng mga katutubong mamamayan ng Mindanaw, plantasyon, at kagubatan na maaaring "paunlarin" ng mga negosyante.

Ang mga Pilipinong matapat na alagad ng kolonyalismong US ay hindi nagpaiwan sa pagkakaroon ng mga asyenda sa Mindanaw. Kabilang dito ang ilan sa naghaharing uring Moro na nabila ng mga kolonyalista sa panig nila.

Samantala, hinikayat ng kolonyal na gubyerno ang mga magsasaka sa Luson at

MGA INTERES NG IMPERYALISMONG U.S.

(Ilang korporasyong U.S. sa mga probinsyang may malaking populasyong Moro sa Mindanaw.)



Kabisayaan na lumipat bilang setler sa mga lugar ng mga Moro at iba pang katutubong mamamayan sa Mindanaw. Kailangan ng mga kumpanyang Amerikano ang mas maraming manggagawa sa kanilang mga trosohan at plantasyon, at kailangan din ng mas maraming magsasakang magpapakain sa pwersa sa paggawa. Pero pagkaraan ng ilang panahon, inagaw ng mga panginoong maylupa ang marami sa mga lupaing hinawan at nilinang ng mga setler.

## Paglaban

Ang kolonyalistang paghahari ng US ay mahigpit na nilabanan ng buong bansang Pilipino, at ang armadong pakikibaka ng mga Moro ang pinakamahaba sa lahat. Mula 1901 hanggang 1941, di kukulangin sa 20 labanan at pag-aalsa ang naganap sa Lanao, Sulu at Cotabato.

Noong panahon ng administrasyong militar, buong bangis na nilabanan ng mga Moro ang paghahari ng mga kolonyalista. Nang pumalit ang administrasyong sibilyan noong 1913, nilabanan nila ang mga patakaran ng gubyerno tulad ng mga patakaran sa buwis, sedula, pagsesensus at pagbabawal na magdala ng armas.

Ngunit sa mismong hanay ng mga Moro'y walang pagkakaisa, kaya puta-putaki, ispontanyo at walang sentral na liderato ang kanilang pakikibaka. Isa pa, kinatulong ng mga kolonyalista ang oportunista't nalinlang na mga lider ng mga Moro upang "payapain" ang mga sumasalungat sa paghahari ng imperyalismong US.

Bukod sa mga Moro, lumaban din sa mga kolonyalista ng US ang ibang katutubong mamamayan ng Mindanaw tulad ng Subanon, Bilaan, Manobo, Tiruray at Mandaya. Bagamat may ilang Morong nakipagkaisa sa mga kilusang ito, "sa pangkalahata'y walang epektibong kooperasyon sa pagitan ng lahat ng grupong handang lumaban sa mga kolonyalista ng US.

Ang rebolusyonaryong republika ng Pilipinas na itinatag noong 1899 ay naging mulat sa kahalagahan ng koordinasyon sa pagitan ng mga pwersa ng rebolusyonaryong republika at ng mamamayang Moro. Tungo sa pagtatayo ng koordinasyong ito, makalawang nagtangka ang mga lider ng rebolusyonaryong kilusan.

Noong 1901, ipinadala sa Lanao at Cotabato ang pwersa sa ilalim ni Heneral Rufino Deloso upang makipagkaisa sa mga Moro. Muli, noong 1911, inatasan ni Heneral Artemio Ricarte si Heneral Vicente Alvarez na organisahin ang isang rebolusyonaryong pwersa na kabibilangan ng mga Moro para labanan ang mga Amerikano. Kapwa nabigo ang dalawang pagtatangka dahil may ilang lider ng mga Moro na tumangging makipagkaisa kina Deloso at Alvarez.

Gayunman, nagkaroon din ng pagkakataong magkaisa ang mga anti-kolonyalistang pwersang Moro at di Moro nang sakupin ng Japan ang Pilipinas noong 1941. Magkabalikat na nakibaka ang mga gerilyang Moro at di Moro laban sa mga kolonyalistang Hapones hanggang maitaboy nila ang mga ito mula sa Mindanaw.

## Papet na rehimen

Nang magapi ang mga kolonyalistang Hapones, bumalik ang imperyalismong US sa Pilipinas at itinayo nito ang una sa sunud-sunod na mga papet na rehimen.

Simula noo'y nag-ibayo ang pangungulimbat ng mga kapitalista ng US sa buong Pilipinas, lalung sa Mindanaw, sa tulong ng mga papet na gubyerno. Gayundin, ang mga lupain at yaman sa Mindanaw ay dinambong ng mga lokal na kumprador-kapitalista at panginoong maylupa, kabilang ang mga nasa naghaharing uring Moro.

Lumaganap sa hanay ng mga Moro ang diskuntento na humantong sa mga kilusan laban sa papet na gubyerno. Ang pinakatampok sa mga ito, noong bago ideklara ang batas militar, ay ang pag-aalsang pinamunuan ni Kamlon noong unang bahagi ng dekadang 1950.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, ibayong tumingkad ang kontradiksyon sa pagitan ng mamamayang Moro at gubyernong papet ng imperyalismong US.

Pinalaki ng rehimeng Marcos ang kapangyarihan ng mga reaksyonaryong di Moro, at umigting nang husto ang banggaan nila ng naghaharing uring Moro. Kasabay nito, ginamit ng pangkating Marcos ang mga sundalo ng reaksyonaryong AFP at mga grupong paramilitar ("Ilaga") para mandahas sa mamamayang Moro at kamkamin ang kanilang lupa.

Samantala, gumugulong na noong panahong iyon ang pambansa-demokratikong kilusang masa na kinabibilangan ng ilang aktibistang Moro.

Noong 1971, pinamunuan nila ang pagtatatag ng Prente sa Pambansang Pagpapalayang Moro (Moro National Liberation Front o MNLF). Inihanda nito ang pagbubuo ng armadong pwersa, ang Hukbong Bangsa Moro (Bangsa Moro Army o BMA), na siya ngayong nangunguna sa armadong pakikibaka ng mamamayang Moro laban sa diktadurang US-Marcos. Malawak na suporta-

ta ng nagkakaisang mamamayang Moro ang tinatamasa ngayon ng MNLF.

Pagkapataw ng batas militar noong 1972, humarap ang BMA sa maraming sagupaan sa mga tropa ng rehimen. Di kukulangin sa sangkatlo ng AFP ang ibinuhos ni Marcos laban sa mga Moro. Sa gayon, natali ang malaking bahagi ng AFP sa Mindanaw at nakapagmaniobra naman ang mga pwersa ng Bagong Hukbong Bayan upang ipreserba ang sarili at magpalakas sa ibang bahagi ng Pilipinas.

Ngayon, may malakas nang pwersa sa buong Pilipinas ang Bagong Hukbong Bayan at mas nasa pusisyon ito upang makipagsuportahan sa Hukbong Bangsa Moro laban sa diktadurang US-Marcos. Mahigpit na sinusuportahan ng pambansa-demokratikong kilusan ang ipinaglalaban ng mamamayang Moro, kabilang ang kanilang karapatang magpasya sa sarili.

Parami nang paraming lider ng mga Moro ang hayagang bumabatikos sa imperyalismong US bilang kasapakat ng kriminal na pangkating Marcos at tagatustos sa digmang mapanupil laban sa mamamayang Moro.

Kasabay nito, inilalantad at ihinihiwalay ng mga rebolusyonaryo ang mga reaksyonaryong tulad nina Dimaporo, Pendatun at Lucman, na nagpapagamit sa imperyalismong US at pangkating Marcos laban sa mga Moro.

Nasa interes ng mamamayang Moro at buong sambayanang Pilipino na ipagtagumpay ang armadong rebolusyon laban sa paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa Pilipinas.

Sa pagkaunawa ng mga rebolusyonaryong pwersa na pareho ang kanilang kaaway, lalong tumitibay ang batayan para sa kanilang pagkakaisa at pagtutulungan hanggang sa tagumpay. ●



# Buhay at Pakikibaka ng mga Setler

Ilandaang libong setler, kabalikat ang mga minoryang Subanon, ang magiting na nakikibaka ngayon laban sa mga tangka ng rehimeng US-Marcos na itaboy sila mula sa lupang kaylaon na nilang binubungkal.

Karamihan sa kanila'y dumayo sa interyor at bulubunduking bahagi ng Kanlurang Mindanaw noong dekadang 1960. Nagmula sila sa matao't salat sa lupang mga pulo ng Panay, Negros, Cebu at Bohol. "Para kaming mga ibon, kung saan may matutuka'y doon dumadapo," minsa'y nailahad ng isang setler.

Malaking kapangahasan ang ginawang pag-iwan nila sa lupang tinubuan, at kasama ang kanilang mga asawa't anak ay nagsimula silang mamuhay sa malayo't liblib na lugar sa Mindanaw. Di biro ang maghawan ng makapal na kagubatan, laluna't mga palakol at itak lamang ang gamit nila.

Gayunman, ang pagkakaroon ng kapirasong lupang mabubungkal ay nagbigay ng kalayaang di nila naramdaman noong panahong ninanakaw ng mga panginoong maylupa ang bunga ng kanilang pagod. Kasabay ng paglaki ng kanilang mga punong niyog,

kakaw at kape'y sumibol ang pag-asang balang-araw ay giginhawa rin sila.

## Mga problema

Dalawang problema ang unang nakaharap ng mga setler pagdating nila sa rehiyon. Una, ang kakulangan ng pagkakaisa sa sarili nilang hanay. Ikalawa, ang di pagkakaunawaan nila sa dinatnang mga Subanon.

Lumitaw ang mga alitan bunga ng pagtanggi ng reaksyonaryong gubyerno na bigyan sila ng titulo sa lupa. Dagdag na kaguluhan din ang idinulot ng nakagawiang pagkilala ng gubyerno sa karapatan ng sinumang makapagprisinta ng katibayan na nakapagbayad siya ng kaukulang buwis para sa ganoo't ganitong parsela ng lupa. Ang nangyari, sinumang kusang magbayad ay nakapag-angkin ng lupa. Dumami nang dumami ang mga indibidwal na umaangkin sa iisa o parehong parsela ng lupa.

Kaya nga't naging mahirap para sa mga setler na magkasundo sila at maipirmi ang saklaw at hangganan ng kani-kanilang mga kaingin. Sa ilang kaso pa nga'y nauwi ang mga alitang ito sa pagdanak ng dugo. Hanggang sa isang panahon, nanaig sa hanay nila ang makitid na pananaw na kanya-kanya at ang pinagtitiwalaan lamang ay ang mga kaanak at kaprobinsya nila.

Samantala, di rin naiwasang magkaroon ng mga di pagkakaunawaan sa mga Subanon.

Para sa mga setler, may naganap na pagbebenta sa lupa nang tanggapin ng mga Subanon ang ilang pirasong damit at kaunting pagkaing ibinigay nilang kapalit.

Pero, iba ang turing ng mga Subanon sa kasunduang ito. Ang mga ibinigay ng mga setler sa kanila ay handog o tanda ng pasasalamat para sa pagpayag ng mga Subanon na ipabungkal ang bahagi ng lupain nila. Sa paningin ng mga Subanon, ang lupa ay para sa lahat ng nangangailangan at walang karapatan ang sinuman na ariin ito para sa sariling pakinabang.

Ang magkaibang interpretasyong ito ay naging hadlang para magkaunawaan sila.

## Pamemerwisyo

Pagsapit ng dekadang 1970, produktibo na ang kalakhan ng prontera at nagsisimula nang tamasahin ng mga setler ang bunga ng kanilang pagod at sakripisyo. Pero, sandali lamang ito.

Noong 1972, garapalang itinaguyod ng rehimen ang interes ng mga panginoong maylupa at malalaking kumpanya sa pagtotroso, sa kapinsalaan naman ng mga setler at mga minorya.

Sa ngalan ng "kaunlaran," hinikayat ng rehimen ang mga kumpanya sa pagtotroso na pag-ibayuhin ang produksyon at pag-eeksport ng tabla't kahoy. Bilang pangganyak, pinahaba ang panahon na puwede nilang hawakan ang konsesyon. Binigyan din sila ng karapatang bawiin sa masa ang mga pinangahuyang lugar para diumano'y muling matamnan ng punongkahoy.

Kasabay nito, ipinagbawal ng rehimen ang mga aktibidad ng mga kainginero at iba pang namumuhay sa gilid at loob ng kagubatan. Idinahilan ang "konserbasyon ng kagubatan."

Ilang malaking panginoong maylupang nasa poder ang bumuo ng mga sindikato para mang-agaw ng lupa, mangalaban at gumawa ng kung anu-anong krimen sa masa. Kapalit ng bahagi sa kulimbat, prinotektahan sila ng mga sundalo ng gubyerno. Pinakanotoryus sa mga ito ang mga pangkat ng tatlong meyor ng Sergio Osmeña, Zamboanga del Norte; Molave, Zamboanga del Sur; at Bellangco, Misamis Occidental.

Kasabay nito, ang mga setler at minorya ay ginipit ng mga kumpanya sa pagtotroso tulad ng Findlay Millar at Zamboanga Wood Products na kapwa pag-aari ng mga imperyalistang US. Pinigil ang masa na magbukas at magpalawak ng kaingin. Samantala, ang mga Subanon naman ay sinimulang itaboy ng mga kumpanya mula sa mga konsesyon. Para patuloy na makapanguha ng ratan at makapangaso sa kagubatan, kailangang partihan ng masa ang mga montero (forest ranger) ng gubyerno.

## Muling pangangahas

Sa harap ng ibayong karahasan at paniniinsala ng mga mapagsamantala, nangahas ang mga setler na tahakin ang landas ng pakikibaka.

Nag-inisyatiba silang bumuo ng mga hunglos di lang para sa pagpapalitan ng lakas-paggawa kundi para magsilbing mga grupong pandepensa.

Di nagtagal, sa pagpasok ng mga kadreng Komunista sa lugar, naitayo ang mga rebolusyonaryong samahang masa at pinasimulang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon.

Sa gabay ng Partido, mabilis na umunlad ang kamalayang pampulitika at orga-

nisasyon ng masa at mabisa nilang malutas ang kanilang mga problema.

Inunang harapin ng rebolusyonaryong pwersa ang mga nagdudulot ng kagyat na panganib sa buhay at kabuhayan ng masa. Tinugis at winasak ng hukbong bayan ang pinakamalalaking sindikato. Pinarusahan ang mga kriminal na may inutang na buhay, at itinaboy mula sa lugar ang iba pa. Mahigpit nilang binabalaan ang mga kumpanya, laluna yaong pag-aari ng mga imperyalista. Nakatikim ng rebolusyonaryong hustisya ang mga ayaw makinig. Mangyari pa, huminto na rin sa panggigipit sa masa ang mga alipuris ng mga reaksyonaryo.

Palibhasa'y nagtataguyod sa makauri't kolektibong interes ng mamamayan sa lugar, ang mga samahan ng mga setler ang naging daluyan para malutas ang mga kontradiksyon sa hanay nila. Sinimulang ayusin ang mga problemang kaugnay ng produksyon tulad ng pagpapaupa sa kagamitan, at pati yaong may kinalaman sa pagmamay-ari ng lupa.

Kasinghalaga nito, ang samahang masa rin ang nagbigay-daan para mapabuti ang relasyon ng mga setler at mga Subanon.

Tiniyak ng rebolusyonaryong kilusan ang pagmumulat sa masang Subanon. Itinaguyod ang karapatan ng mga Subanon sa lupaing komunal, gayundin sa mga indibidwal na sakahan nila. Tinulungan ang mga minorya para mapataas ang produksyon.

Bunga ng pagkamulat na ito, malugod na pinapayagan ng komunidad ng mga Subanon na sumampa sa BHB ang pinakamahuhusay nilang anak.

Pinapatid na ngayon ang mga kalakid sa pag-unawain ng masang nasa prontera. Ang nagkakaisang lakas ng mga setler at minorya ay nagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan. ●

# Kuryer

"Nag-ooperasyon pa ba ang kaaway?" "Meron bang mga nahuli?" "Kumusta sina Ka Linda?" "Papano kang nakalusot sa mga tsekpoynt?" Mga tanong, kasabay ng mahigpit na pakikipagkamay, ang isinalubong ng mga kasamang mandirigma kay Ka Lando nang makarating siya sa kampo sa gilid ng bundok.



Bago niya sinagot ang mga tanong, pinuntahan niya si Ka Herman sa gitna ng kampo at iniabot ang isang maliit na bilot ng papel--sulat mula kina Ka Linda.

At sa pag-aabot niyang iyon ng sulat, muling napagdugtong ang mga kasamang nasa sinosonang baryo at ang mga kasamang nasa kampo.

Agad pinagpulungan ng komite ng distrito ang laman ng sulat. Makalipas ang isang oras, nasa daan na naman si Ka Lando. Malayo ang kanyang lalakarin. May tagubilin ang komite sa pangkat ng kuryer, at gayundin sa isang komite ng seksyon.

Mabilis at mapagmatyag niyang lumakad. Tinapik niya ang pistolang nakasuksok sa baywang, handa sa anumang pwedeng mangyari. Di niya inalintana ang pagod sa kanyang mga binti o ang ulan na nagsisimula nang pumatak.

Myembro si Ka Lando ng isang yunit sa komunikasyon.

Maliit lang ang mga sulat na ihinahatid nila sa pagitan ng mga komite ng Partido at mga yunit ng hukbong bayan sa kanilang distrito. Ngunit napakaimpor-

tante ng mga sulat na iyon para maagap na makapagkonsultahan ang mga kasama at epektibong makapamuno ang Partido.

Marami-rami ang mga pagkakataon na nakasalalay ang buhay mismo ng mga kasama sa mahusay na komunikasyon. Kapag kailanga'y mapangahas na inilulusot ang mga sulat sa mga bulakid ng kaaway, o kaya'y isinusugba sa malakas na ulan.

Ginagawa ng mga kuryer ang lahat ng makakaya para mapaunlad ang mabilis, ligtas at maaasahang sistema ng komunikasyon sa kanilang saklaw.

## Ispesyalisasyon

Habang sumusulong sa mas mataas na antas ang rebolusyonaryong pakikibaka, lumalaki at nagsasanga-sanga ang mga gawain. Kailangang makaagapay sa pangkalahatang pag-unlad ang komunikasyon na nag-uugnay-ugnay sa iba't ibang bahagi ng organisasyong lihim.

Sa ganitong kalagayan, hindi nakasasapat na ang gawaing komunikasyon ay iatas sa indibidwal na mga kasama o gawing sekundaryong gawain ng ilang yunit. Dapat magbuo ng ispesyal na mga yunit para umasikaso sa ganitong gawain. Ito ang dahilan kung kaya binuo ng komite ng distrito ang grupo nina Ka Lando. Sinasalamin nito ang pag-unlad ng organisasyon ng Partido sa lugar, habang nakasambag nang malaki sa ibayo pang pagsulong.

> Maliit lang
> ang mga sulat
> na ihinahatid nila...
>
> ngunit napakaimportante
> ng mga sulat na ito.

Ang mga kasama ay pinipili sa gawaing komunikasyon batay sa kanilang kamulatang pampulitika at katatagan sa ideolohiya. Hinahanap sa mga kasama ang mulat na disiplina, tatag ng loob at mapanlikhang kakayahang umangkop sa iba't iba at pabagu-bagong kalagayan. Kaugnay ng usapin sa kaligtasan, mas mainam kung ang kuryer ay hindi tukoy ng kaaway sa lugar na kinikilusan.

Noong unang ibigay kay Ka Lando ang atas na magkuryer, hiniling niyang ito ay maging panandalian lamang. "Gusto ko sanang makabalik din agad sa gawaing pag-oorganisa sa masang magsasaka at manggagawang bukid." Dala noon ni Ka Lando ang maling kaisipan na maliitin ang gawaing teknikal.

Nang tumagal-tagal na siya sa gawaing komunikasyon, unti-unting nagbago ang pagtingin niya rito, sa tulong ng mga kasama niya sa kolektiba. "Ganito pala kahalaga ang gawaing ito sa Partido't sa rebolusyon!"

## Kolektibong pagpapakahusay

Kolektibong hinaharap ng yunit ng mga kuryer ang pang-ideolohiyang pagpapatatag. Araw-araw silang naharap sa mga hamon--mga paghamon sa kanilang disiplina, tatag ng loob at syentipikong pag-iisip--at sama-sama silang natututo mula sa karanasan para mapatingkad pa ang kalakasan at mapangibabawan ang kahinaan ng bawat isa. Madalas silang nagpapalitan ng karanasan, nagpupunahan, nagtatasa at naglalagom. Di rin nila kinakaligtaan ang teoretikong pag-aaral sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong.

Batay sa mga aral mula sa karanasan at batay rin sa mga payo at tagubilin ng mga kasamang gumagabay, nagbubuo at nagpapairal ang yunit na ito ng pamantayang pamamaraan sa pagkilos ng kolektiba at ng bawat kuryer. May ipinatutupad at pinauunlad silang mga patakaran sa pagkokoda, pagbabalot ng maliliit na dalahin, paggamit at pangangalaga sa mga poste ng komunikasyon, pakikipagtagpo sa mga kapwa kuryer, mahigpit na ugnayan sa masang kanilang inaasahan, at iba pa.

Dahil ang mga patakarang ito ay produkto ng lagom na karanasan, at malinaw na naiintindihan ng mga kuryer ang linya at prinsipyong tumatagos sa mga ito, may kakayahan ang yunit na maging pleksible sa harap ng nagbabagong kalagayan.

Noong panahong kabubuo pa lang ng kolektiba nina Ka Lando, at nangangapa sila sa gawain, mahigpit silang ginagabayan at sinusubaybayan nina Ka Herman. Dahil dito'y mabilis nilang naintindihan ang kanilang mga tungkulin at importanteng mga patakaran. Mabilis ding nabuo ang kanilang tiwala sa sarili, kaya't di nagtagal ay napaunlad ang sariling kakayahan ng kolektiba na magsuri at gumawa ng mga wastong desisyon. Tumaas ang kanilang moral sa nadamang kalinga at pagmamalasakit ng Partido.

Habang pinatitindi ng mga pasista ang kanilang panunupil, lalo namang nagiging matatag, disiplinado, alerto at mapangahas ang mga kuryer ng rebolusyon.

Habang tumataas ang antas ng labanan, dumarami at umuunlad ang mga yunit sa komunikasyon, kapwa sa kanayunan at sa kalunsuran. Halimbawa nito ang kolektiba ni Ka Lando na agad nagtipon at nagpulong pagkarating niya sa baryo. ●

## Pang-aaresto

Idinahilan ng rehimeng US-Marcos na may puputok diumanong pambansang welga, bombahan at asasinasyon sa Setyembre, para dakpin ang 14 na lider-obrero nitong Agosto sa Metro Manila.

Kabilang sa mga dinakip si Felixberto Olalia, tagapangulo ng dalawang malaking organisasyon ng manggagawa, ang Kilusang Mayo Uno (KMU) at Pagkakaisa ng Manggagawang Pilipino. Kinasuhan si Olalia, 79 anyos, ng "pang-uudyok sa sedisyon at rebelyon."

Isinara ang upisina ng KMU at dalawa pang pederasyon.

Apat na araw bago nito, pinagbintangan ni Marcos ang mga unyon ng manggagawa, ang Prente para sa Pambansang Pagpapalayang Moro, ilang lider-pulitiko at mga intelektwal, na nagbabalak diumano ng malawakang terorismo sa Setyembre.

Agad binatikos ng maraming mamamayan ang gawa-gawang mga bintang, at itinaguyod ang karapatang magpahayag at mag-organisa.

Nag-ingay si Marcos at nanagasa sa mamamayan habang naghahandang pumunta sa United States sa Setyembre.

Gusto niyang magpasikat sa mga amo niyang imperyalista at patunayan na siya pa rin ang pinakamaaasahan nilang sumupil sa sambayanang Pilipino.

## Mga welga

Welga at iba pang anyo ng sama-samang pagkilos ang isinagot ng mga manggagawa sa Metro Manila para maibalik ang mga tinanggal sa trabaho at igiit ang iba pang karapatan.

Matapos ang isang buwang welga noong Hulyo, naipagwagi ng may 2,000 manggagawa ng Knitjoy Manufacturing ang pagpapabalik sa 50 manggagawang tinanggal. Naibalik din ang mga tinanggal sa Redson Textile Manufacturing sa pamamagitan ng mga pitisyon-delegasyon, slowdown, at boykot ng obertaym sa loob ng anim na buwan.

Itinaas ang sahod ng mga manggagawa sa Continental Milling matapos ang maraming pitisyon-delegasyon sa upisina ng kumpanya. Sa pagwo-walkout ng mga manggagawa ng Allied Thread ay napilitan ang kumpanya na pahusayin ang kalagayan sa pabrika.

Samantala, natigil ang pwersahang obertaym sa imperyalistang kumpanyang Rubberworld-Adidas nang mag-walkout at magdelegasyon sa upisina ang mga manggagawa mula sa limang planta nito.

Sa ngayon, nasa ikalawang buwan na ang welga sa Elizalde Rope, at ika-10 buwan naman sa Ding Velayo Export Corporation. Kamakailan, muling nilusob ng mga iskirol ang piket sa Ding Velayo. Sampung welgista ang nasaktan at isa ang nabaril sa leeg, ngunit patuloy pa rin ang piket.

## Rali

Mahigit 300 tao ang nagrali sa tapat ng embahada ng US nitong Agosto 6 para tuligsain ang pananatili ng mga baseng militar ng US sa Pilipinas at ang pagtatayo ng plantang nukleyar sa Bataan.

Ginunita rin ng rali ang mga biktima ng mga bomba atomikang pinasabog ng US sa Hiroshima at Nagasaki, Japan, noong Agosto 6 at 9, 1945.

Sa raling pinangunahan ng Nuclear Free Philippines Coalition o NFPC, iginiit ng mga demonstrador na dapat lansagin ang mga baseng militar ng US na pinag-iistakan din ng mga sandatang nukleyar.

Nanganganib ang buhay ng mamamayang Pilipino dahil sa mga baseng ito, anang NFPC na tinutukoy ang posibilidad na sumiklab ang gerang nukleyar na kasangkot ang US.

Malapit sa dalawang pinakamalaking baseng militar ng US ang itinatayong plantang nukleyar. Ang buong proyekto ay gagastahan ng $1.9 bilyon o mahigit ₱16 bilyon.

Nanawagan din ang rali na itigil ang paggawa ng lahat ng klase ng sandatang nukleyar at ang paligsahan ng mga superpawer sa armas.

## Education Act

Isang piket para tutulan ang panukalang Education Act ang idinaos ng ilandaang istudyante at titser sa harap ng Batasang Pambansa nitong Agosto 5.

Ang panukalang batas na tinatawag ding PB 524 ay bumabangga sa interes ng masang istudyante at guro, anang Liga ng Istudyanteng Pilipino (League of Filipino Students o LFS) at Alyansa ng Nagmamalasakit na Guro (Alliance of Concerned Teachers o ACT).

Kung maaprubahan ang PB 524, malayang makapagtataas ng matrikula ang mga iskwelahan at hindi na kailangang hingin pa ang permiso ng Ministri sa Edukasyon at Kultura.

Sinabi ng ACT na batay sa panukalang batas, hindi obligado ang mga may-ari ng iskwelahan na ibigay sa mga titser ang 60 porsyento ng halagang itinaas sa matrikula.

Maaalala na dahil sa militanteng mga protestang masa nitong nagdaang mga taon ay napilitan ang rehimeng Marcos na isaisantabi ang PB 524 na unang ihinarap noon pang 1980.

Samantala, mahigit isang buwan nang nagboboykot at nagdedemonstrasyon ang mga istudyante ng Far Eastern University sa Quezon City at Maynila. Ipinaglalaban nilang maibalik ang isang nagsasarili't demokratikong konseho ng istudyante. Gusto din nilang asikasuhin ng pangasiwaan ng FEU ang kanilang problema sa transportasyon sa kampus ng FEU sa Quezon City.

## Papalit?

Hinirang kamakailan ni Marcos sa Komiteng Tagapagpaganap ang kanyang asawang si Imelda Marcos at tatlong iba pa mula sa kanyang pangkatin.

Ang iba pang ipinasok sa komite ay sina Roberto S. Benedicto ng Philippine Sugar Commission, Gubernador Ali Dimaporo ng Lanao del Sur, at Asembliman Ronaldo Zamora.

Binuo ni Marcos ang Komiteng Tagapagpaganap noong 1981 para pumalit sa kanya at magpatakbo sa gubyerno sakaling may mangyari sa kanya.

Kabilang din sa komite sina Punong Minister Cesar Virata, Pangalawang Punong Minister Jose Roño, Minister Roberto Ongpin ng Kalakalan at Industriya, Minister ng Estado Emmanuel Pelaez para sa Usaping Panlabas, Minister Manuel Alba ng Badyet, at Gubernador Eduardo Gullas ng Cebu.

## 'Secret marshal'

May 1,000 pasistang sundalong unipormado't nakasibilyan ang nakakalat ngayon sa Metro Manila.

Kunwari'y mga pasahero ng dyip at bus, otorisado silang patayin ora mismo ang pinagsususpetsahan nilang mga holdaper at mandurukot. Sa ngayon, di bababa sa 40 ang napapatay nila sa loob lamang ng isang linggo.

Sila ay kabilang sa mga pangkat ng 'secret marshal' na binuo sa utos ni Marcos nitong Agosto, para sugpuin daw ang lumalaganap na panghoholdap laluna sa mga sasakyang publiko.

Ang mga pangkat na ito ay solong naghahatol at naggagawad ng parusang kamatayan sa sinumang mapagsuspetsahan nila.

Samantala, hindi ginagalaw ang mga burukrata na milyun-milyon kung magnakaw.

## Coco levy

Naging 19.5 US cents na lamang bawat libra ang presyo ng langis ng niyog sa dayuhang pamilihan nitong Agosto. Ayon sa pangako ng rehimeng Marcos, kapag bumaba pa sa 20 cents ang presyo ay sususpindihin na ang coconut levy.

Ngunit sa halip na suspindihin ang levy, ipinako ito ng rehimen sa ₱32 bawat 100 kilo hanggang Oktubre. Patuloy ang pagpapataw ng levy samantalang ang mga magsasaka't manggagawa sa industriya ng niyog ay binabayo ng krisis na baka tumagal pa nang tatlong taon.

Ang levy ay buwis na kinakaltas sa mga magsasaka tuwing magbebenta sila ng kopra. Mula 1973, may ₱8 bilyong levy ang nakukulekta na ng rehimen.

Malayang kinukurakot at winawaldas ng pangkating Marcos ang pondong ito. Ginagamit din itong panustos sa mga proyekto sa niyugan na ang pangunahing nakikinabang ay mga imperyalista't mga asendero-kumprador.

## Depisit

Sa loob lamang ng anim na buwan, mula Enero hanggang Hunyo 1982, umabot na sa $675 milyon (mahigit ₱5.7 bilyon) ang depisit ng Pilipinas sa balanse ng bayaran. Mas malaki ito kaysa $560 milyong depisit noong buong 1981.

Lumaki ang depisit dahil sa sobrang pagbaba ng presyo ng mga ineeksport na pangunahing kalakal tulad ng asukal, niyog at tanso. Bumagsak ang presyo ng halos lahat ng kalakal na iniluluwas ng Pilipinas dahil sa resesyon o krisis ng imperyalismo sa daigdig.

Dagdag dito, mas maraming dolyar din ang napunta sa pagbayad lamang ng interes sa utang panlabas.

Sa kabilang banda, mas tumaas pa ang presyo ng mga produktong iniimport ng Pilipinas. Kaya nitong nakaraang anim na buwan, mas maraming dolyar ang ibinayad ng Pilipinas sa pandaigdigang transaksyon kaysa kinita nito.

Ang pagkaluging ito ay mangangahulugan ng ibayong pangungutang. Ngayon pa lang, naghahanda na si Marcos na mangutang muli sa usurerong Pandaigdigang Pondo sa Pananalapi (International Monetary Fund o IMF).

## Pakikialam

Lumalala ang alitan ng United States at mga kaalyado nitong gubyerno sa Kanlurang Europa. Tampok sa alitang ito ngayon ang pamimilit ng US na makialam sa kontrata ng mga taga-Europa sa Soviet Union kaugnay ng konstruksyon ng isang pipeline ng gas.

Ang gas na magmumula sa Soviet Union ay padadaluyin sa ginagawang pipeline hanggang sa hangganan ng West Germany at Czechoslovakia. Mula rito'y ipamamahagi ang gas sa West Germany, France, Great Britain, Italy at iba pang bayan.

Di kukulangin sa 20 kumpanya sa Europa, na karamiha'y lisensyado ng US, ang may kontratang magsuplay ng kagamitang nagkakahalaga ng $11 bilyon (₱93 bilyon) para sa pipeline.

Sinabi ng rehimeng Reagan na embarguhin nito ang mga matiryales na isusuplay ng mga kumpanyang lisensyado ng US. Idedemanda at pagmumultahin ang naturang mga kumpanya kapag sumuway sila.

Ngunit nagmatigas ang mga kaalyadong gubyerno at itinuloy ang pagsuplay ng matiryales at ang paggawa ng pipeline. Tinuligsa nila ang pakikialam at pandodomina ni Reagan sa kanila. Sinabi ng Pang-ekonomyang Komunidad ng Europa (European Economic Community), na binubuo ng 10 bayan, na ang idineklarang embargo ng US ay iligal at labag sa pandaigdigang batas.

Habang pinepwersa ni Reagan ang mga kaalyado ng US na itigil ang pipeline, patuloy naman ang US sa malakihang pagbebenta nito ng butil sa Soviet Union. ■